

Pagpapalano para sa Mga Insurance Payout Pagkatapos ng Sakuna

Kung mapipinsala o masisira ng isang sakuna ang inyong bahay, posible itong magdulot ng matitinding pinansyal na problema. Posibleng kailangan ninyong gumawa ng malalaking desisyon agad-agad. Bago kumilos, alamin ang tungkol sa inyong mga opsyon sa pagbangon sa sakuna, lalo na ang tungkol sa insurance ninyo bilang homeowner at sa desisyon ninyong magpagawa o bayaran ang inyong mortgage.



Tatlong dapat ikonsidera kapag tinatangap ang inyong insurance payout para sa bahay:

- 1 Unawain ang inyong policy.** Pagkadaan ng isang kuwalipikadong sakuna, posibleng saklawin ng insurance ninyo bilang homeowner ang ilan o ang lahat ng gastusin sa pagpapakumpuni. Nakadepende ang halagang ipamimigay sa uri ng policy, halagang sinasaklaw, at naibabawas o deductible. Puwede kayong makatangap ng inisyal na partial na payout para makatulong sa mga pansamantala o agarang pagpapakumpuni at para mapalitan ang mga nasira ninyong gamit.
- 2 Magbayad o magpagawa?** Dapat ba ninyong bayaran ang inyong mortgage, o dapat ba kayong magpagawa? Tandaan, posibleng karapat-dapat kayo para sa mga karagdagang pondo para matapos ang pagpapakumpuni sa bahay ninyo. Posible ring humiling ng mga adjustment sa inyong insurance payout kung mas mataas ang mga gastusin sa pagpapakumpuni/pagpapagawa kaysa sa orihinal na natantya. Para sa mga homeowner na naapektuhan ng sakuna, posible silang makatangap ng mas malaking pera mula sa kanilang mga insurance provider kapag ipinakita nila na mas malaki ang magagastos sa pagpapagawa kaysa sa inisyal nilang payout.
- 3 Bumuo ng plano.** Kung naka-mortgage pa rin ang inyong bahay, magbibigay ang kumpanya ng insurance ng mga tseke na payable sa inyo at sa tagapangasiwa ng mortgage ninyo. May ilang nagpapatang na posibleng mag-alok na ilapat ang mga pondong ito para makabawas sa balanse ng inyong mortgage. Gayunpaman, hindi kinakailangan ang pagbabayad sa inyong mortgage gamit ang mga pondong ito sa ilalim ng ilang partikular na kalagayan. Makipagtulungan sa tagapangasiwa ng mortgage ninyo para tukuyin ang inyong mga opsyon at bumuo ng magandang plano. Kung Fannie Mae ang nagmamay-ari ng inyong mortgage, hahawakan ng tagapangasiwa ng mortgage ninyo ang halagang ibinayad ng inyong insurance sa isang account na kumikita ng interes hanggang sa makapagdesisyon kung magpapagawa ba at kung paano.

Mga dahilan para ikonsidera ang pagpapagawa:

- ✔ Posibleng sakop ng insurance ang gastusin sa pagpapagawa
- ✔ Pinoprotektahan ang komunidad at sinusuportahan ang pagbangon nito
- ✔ Mas mabilis ang pagbabalik sa inyong “normal” na kalagayan bago ang sakuna

Kung gagamitin ninyo ang halagang ibinayad ng inyong insurance para bayaran ang inyong mortgage, at pagkatapos ay nagpasya kayong magpagawa, posibleng kailangan ninyong maglabas ng utang para sa pagpapatayo (construction loan) na posibleng hindi palaging available. Kadalasan, nangangailangan ng magandang credit ang ganitong uri ng pautang at isa pang permanenteng mortgage kapag natapos na ang pagpapatayo.

“Mahaba at mabigat na proseso ang pagbangon mula sa sakuna, kaya mahalagang may makatulong sa inyo na makapagdesisyon kapag kailangan ninyo.” – Kate Bulger, direktor ng business development para sa Money Management International (MMI) at creator ng Project Porchlight program ng MMI, na tumutulong sa pagpapatakbo ng pagpapayo ng Fannie Mae kung paano makakabangon sa sakuna sa 855-HERE2HELP.

855-HERE2HELP line ng Fannie Mae

Makakatulong ang mga serbisyo ng Fannie Mae sa **pagpapayo kung paano makakabangon sa sakuna sa 855-HERE2HELP** na matugunan ang inyong mga sitwasyong nauugnay sa insurance, mga opsyon sa pagpapatayo, at marami pa.

Susuriin ng mga tagapayo sa pabahay na **aprubado ng HUD** ang natatangi ninyong sitwasyon at bubuo sila ng isang naka-personalize na plano sa pagbangon mula sa sakuna. Matutulungan nila kayong maghain ng insurance claim at mag-apply para sa pinansyal na tulong, kabilang ang tulong mula sa Federal Emergency Management Agency (FEMA) at mga pautang para sa sakuna mula sa Small Business Administration (SBA).



Makipag-ugnayan sa aming
855-HERE2HELP line
855-437-3243



Alamin ang higit pa online
www.fanniemae.com/InsuranceHelp